浜松市

# Pagsisimula ng『Hama-Kuru』

## "Chiiki Club Katsudo" Regional Club Activities Hamamatsu City

### Simula September 2026, ang school extracurricular activities (bukatsudō) tuwing Sabado at Linggo ay magiging Regional Club Activities.



Sa Hamamatsu City, itinataguyod ang "Hama-Kuru," isang Regional Club Activity na pinamamahalaan ng mga residente ng komunidad at ito ay bukas sa sinumang mag-aaral ng Junior High School (chūgakusei) na gustong sumali. Layunin nito na lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ng estudyante ay makapagpapatuloy sa sports, kultura, at sining nang may kapanatagan.
Magsisimula muna ito tuwing Sabado at Linggo (holiday /araw na walang pasok).
Ang bawat isa ay magiging masaya sa aktibidad na gusto nila, nais pa maging mahusay palalakasin ang kanilang kakayahan, palalimin ang ugnayan sa mga kaibigan at ang koneksyon sa mga tao sa komunidad.
Sama-sama nating bubuuin ang isang masayang community club.

**PAUNAWA**

Ang (planong proyekto) para sa " Gabay ng Hamamatsu City Tungkol sa Regional Development School Club Activities tuwing araw ng walang pasok/holiday" ay inilabas noong Biyernes, Oktubre 24, 2025.

Kilala bilang "Hama-Kuru Guidelines"

Maikling bersyon

Buong teksto/text

## Roadmap

**Panahon ng Paghahanda**
Hanggang Marso 2026
- Pagpapalaganap ng kaalaman tungkol sa sistema at paggabay sa paraan ng aplikasyon
- Ang mga organisasyon/club at mga instruktor ay naghahanda para sa aplikasyon at pagpaparehistro

**Panahon ng Aplikasyon (schedule)**
Simula Abril 2026
- Pagsisimula ng pagtanggap ng aplikasyon para sa "Hama-Kuru Certified Club"
- Ang mga nais maging instruktor ay magpaparehistro sa "Hama-Kuru Human Resources Bank"
- Simula ng aplikasyon para sa pag-aaply ng mga estudyanteng nais sumali

**Pagsisimula ng Transisyon**
Simula September 2026
- Ang school extracurricular activities (bukatsudō) tuwing Sabado at Linggo ay bilang pangkalahatan patakaran ito ay matatapos na.
- Pagsisimula ng mga aktibidad ng Hama-Kuru Certified Club

## Studyante at Magulang

### Bakit nagbago ang school extracurricular activities (bukatsudō) tuwing Sabado at Linggo at maging Regional Club Activities?




Ang mga aktibidad hanggang ngayon ay pinamumunuan at ginagabayan ng mga guro ng paaralan.Ngunit dahil sa epekto ng pagbaba ng bilang ng mga bata, nababawasan ang bilang ng mga estudyante, nagiging mahirap bumuo ng mga team at lumalaki ang pasanin ng mga guro. Kaya, nagiging mahirap na ituloy ito sa kasalukuyang pamamaraan.

Kaya naman, nagpasya ang Hamamatsu City na gumawa ng isang kapaligiran kung saan maaaring ipagpatuloy ang pagsali sa sports, kultura, at sining nang hindi nalilimitahan sa saklaw ng mga aktibidad ng paaralan tuwing araw ng walang pasok, habang pinapanatili ang magagandang aspeto ng bukatsudo. Ito ay tinatawag na "Kyujitsu no bukatsudo no chiikikan".

Ang "Hama-Kuru" ay tumutukoy sa Regional Club Activity na layunin ng Hamamatsu City. "Hama-Kuru Certified Club" na aprubado ayon sa prinsipyo ng Hama-Kuru, layunin upang maging masaya ang mga studyante hindi lang sa mga tradisyunal na sports at cultural/artistic activities ng bukatsudō, kundi pati na rin sa iba't ibang uri ng sports at aktibidad, kasama ang mga tao sa komunidad.

Hinihikayat namin kayong pumili ng club activity na babagay sa inyo at subukang sumali!

### Daloy ng Pagsali

※Kung ang club na sinalihan sa kasalukuyan ay magiging Hama-kuru certified club, wala nang kailangan gagawin proseso sa pagsali.

#### 1 Hanapin ang club na gusto mong salihan

Tingnan ang portal site (kasalukuyang inihahanda) at pumili ng club na gusto mong subukan mula sa mga Hama-Kuru Certified Club.Siguraduhin na tingnan ang patakaran ng club, paraan ng pagpunta sa lugar ng aktibidad, bayarin sa pagsali atbp. pag-usapan ito ng pamilya at magdesisyon.

#### 2 Makipag-ugnayan sa club

Kapag nakapagdesisyon na sa club na gustong salihan, magtanong o mag-aplay sa pamamagitan ng portal site (kasalukuyang inihahanda) Magandang ideya na magsimula muna sa pagbisita (obserbasyon) o subukan muna ang aktibidad.

#### 3 Sumali sa club at simulan ang mga aktibidad

Pagkatapos makumpleto ang aplikasyon, tingnan nang maigi ang petsa, oras, lugar, mga kailangang dalhin, atbp. at sumali na sa aktibidad ng Hama-Kuru Certified Club!

Magsisimula na ang aktibidad!







### Mga Benepisyo（merits）ng “Hama-Kuru Certified Club"

**✓ Panatag dahil ito ay Certified Club**

Ang "Hama-Kuru Certified Club" ay isang organisasyon na nakakatugon sa lahat ng mga kinakailangan sa sertipikasyon na itinakda ng Hamamatsu City.Dahil ang bawat club ay magsasagawa ng mga aktibidad alinsunod sa Hama-Kuru Guidelines, maaari kayong sumali nang may kapanatagan.

**✓ Maaaring pumili batay sa sariling interes**

Bilang isang club na sasalihan tuwing araw ng walang pasok/holiday, maaari mong piliin at salihan ang sports, kultura, o sining na interesado ka.Maaari ka ring sumali sa higit sa isang club.

**✓ Maaaring sumubok ng mga bagong aktibidad**


Kahit ito ay wala sa club activities o kategorya ng paaralan maaaring sumubok (mag-challenge) Ito ang pagkakataon upang mapalawak ang inyong bagong potensyal.

**✓ Magkakaroon ng koneksyon sa komunidad**

Depende sa club, maaari kang makasama sa mga aktibidad ng mga matatanda sa komunidad, mga miyembro mula sa ibang paaralan, o mga kasamahan mula sa iba't ibang edad, na magpapalawak ng iyong pakikipag-ugnayan (interaksyon).

## Para sa mga nais magpatakbo ng Hama-Kuru Certified Club

### Kapag natanggap ang sertipikasyon mula sa lungsod, maaari kang magpatakbo bilang "Hama-Kuru Certified Club".



Ang "Hama-Kuru Certified Club" ay maaaring itatag mula sa simula (zero) o ng paglipat/pagpalit mula sa kasalukuyang club.Kakailanganing mag-aplay at malinaw na ilahad sa regulasyon ang limang (5) kinakailangang para sa sertipikasyon. Ang mga club na nakatanggap ng sertipikasyon ay may access sa mga pasilidad ng Junior High School (Chūgakkō).

Sabay-sabay natin buuin ang isang bagong uri ng club na pagpapalago ng mga bata at magpapalakas sa koneksyon ng komunidad?

## Para sa mga nais maging isang Instruktor (tagapagturo)

### Nagre-recruit ng mga instruktor upang ibahagi ang kanilang karanasan sa sports/cultural/artistic activities at suportahan ang paglago ng mga estudyante.



Ang Hamamatsu City ay malawakang nagre-recruit ng mga instruktor na susuporta sa regional club activities ng mga bata, at ipaparehistro sila sa "Hama-Kuru Jinzai Bank"。Bakit hindi niyo gamitin ang inyong karanasan sa sports, kultura, at sining para sa kapakanan ng mga bata? Wala namang kinakailangang espesyal na kwalipikasyon o kundisyon, ngunit bilang prinsipyo, kailangang sumailalim sa pagsasanay tulad ng panonood ng video bago simulan ang aktibidad.Kung kayo ay mayroon nang kwalipikasyon o espesyal na kaalaman, mas malaking tulong ang maibibigay ninyo.

Kung kayo ay nais sumali, mangyaring magparehistro sa " Hama-Kuru Jinzai Bank ".

## 〈 Para sa mga katanungan at impormasyon 〉

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa "Hama-Kuru," mangyaring makipag-ugnayan sa amin.
Tumatanggap din kami ng konsultasyon anumang oras tungkol sa mga pamamaraan ng sertipikasyon ng club at pagsali sa mga certified club.


**Hamamatsu Board of Education School and Community Collaboration Section**

TEL 053-457-2405
E-mail chiikitenkai@city.hamamatsu-szo.ed.jp